

Ang mga sumusunod ay labag sa batas kung tumatanggap ng welfare public assistance



Kung ikaw ay hindi makapagtrabaho sa anumang dahilan at walang sapat na kita para masuportahan ang pamumuhay, mayroong welfare public assistance. Ito ay garantiya ng karapatang pantao, subalit may mahigpit na mga batayan na hindi alam ng nakararami.

Habang tumatanggap ng welfare public assistance, dapat sumunod sa mga regulasyon. Kung hindi makasunod, dapat bayaran ang tinanggap o maaring hindi na makatanggap ng welfare public assistance. Nakasaad sa ibaba ang ilang mga batayan.

Para sa mga katanungan, sumangguni sa tagapamahala ng welfare public assistance

- **Kung tumanggap ng pera, ipaalam ito sa upisina ng welfare sa munisipyo**

Kung nakatanggap ng sahod, life insurance, o ng anumang pera, obligasyon mo na ipaalam ito sa upisina ng welfare sa munisipyo. Mali na hindi ito ipagbigay-alam, malaki man o maliit, sa upisina ng welfare sa munisipyo, at maaaring hindi na makatanggap ng welfare public assistance. Makipag-ugnayan sa namamahala para malaman kung hanggang kailan dapat ipapaalam ang mga tinanggap na pera..

- **Ipaalam sa upisina ng welfare sa munisipyo kung pansamantalang mangingibang-bansa**

Bago umalis ng Japan, magsumite ng report na nasasaad ang(1) dahilan ng pangingibang-bansa (2) hanggang kailan sa ibang bansa (3) pinagkuhanan ng gastusin sa pangingibang-bansa. Isumite ang pasaporte sa upisina ng welfare pagbalik ng Japan.

- **Bawal ang magpadala ng perang natanggap sa welfare public assistance sa inyong bansa.**

Ang perang natatanggap mula sa welfare public assistance ay para sa inyong sambahayan. Gagamitin ito para sa pambili ng pagkain ng pamilya at sa gastusin sa pagpapa-aral. Huwag din itong ipapa-utang sa inyong kaibigan o ipapadala sa inyong bansa.

- **Huwag magpapatira sa inyong bahay ng walang permiso**

Hindi maaaring magpatira ng sinuman sa inyong bahay ng walang permiso mula sa upisina ng welfare, maski sa anumang kadahilanan. Humingi ng permiso sa upisina ng welfare kung may nais kayong patirahin sa inyong bahay.

- **Mag-abiso sa upisina ng welfare kung magpapakonsulta sa ospital**

Kung tumatanggap ng welfare public assistance at magpapatingin sa ospital, kailangan ng medical card. Hindi maaaring komunsulta sa doktor kung walang medical card. Magpaalam sa upisina ng welfare kung pupunta ng ospital. Tumawag sa upisina ng welfare kung pupunta ng ospital gaanuman kagahol sa panahon o maging ito man ay emergency.

- **Kung tumawag ang upisina ng welfare at hindi nasagot, siguraduhing ibalik ang tawag**

Importante ang mga tawag mula sa upisina ng welfare public assistance. Kung nakatanggap ng tawag at nasa labas kayo, tumawag agad sa opisina. Humingi ng paliwanag sa namamahala kung nakatanggap ng hindi maintindihang dokumento. Kung may dokumentong hindi maintindihan, pumunta sa FICEC upang matulungan.

Pumunta sa Japanese Language class para tuloy-tuloy na matuto ng wikang Nihongo.

Pag-uulat mula sa Fujimino City Welfare Division



Sumali sa Tsuruse Yosakoi Festival!



Pumunta at manood ng pagdiriwang kung nakatira malapit sa Tobu Tojo Line. Mayroong Yosakoi dance sa harap ng west exit ng Tsuruse station. Magagaling ang mga grupong sumasayaw galing sa iba't-ibang lugar.

- **Petsa: Oktubre 16 (Linggo) 10:30-17:00**
- **Lugar: malapit sa west exit Tsuruse Stn**

Japanese Language Class held at FICEC


Ang Japanese Language Class sa FICEC ay may 20 taon ng bukas. Kung hindi marunong ng Japanese at kukuha ng Japanese-Language Proficiency Test ay pumunta dito. Sabay-sabay tayong mag-aral.

- **Twing Huwebes 10:00-12:00**
- **Libre**
- **Maaring isama ang inyong anak**

Alituntunin sa paggamit ng bisikleta sa iba't-ibang lugar

Pangkaraniwan ang paggamit ng bisikleta subalit minsan ito ay delikado. Malalang aksidente ang maaring sapitin at baka mahingan pa ng damage claims. Upang makaiwas sa aksidente dapat ay alam ang mga patakaran sa tamang paggamit nito.

- *Kailangang nasa daan kung nagbibisikleta. Hindi dapat magbisikleta sa bangketa.*Kung nasa daan, dapat ay nasa gawing-kaliwa. *Ang bangketa ay para sa naglalakad at sa daan lang maaaring magbisikleta sa mabagal na takbo. *Dapat magsuot ng helmet ang mga bata kung nagbibisikleta. *Bawal magbisikleta kung lasing. *Bawal magbisikleta ng may kaangkas.*Huwag magbisikleta ng magkahilera.*Bawal gumamit ng smartphone kung nagbibisikleta *Gumamit ng ilaw kung gabi*Sumunod sa traffic light sa interseksyon



Mahigpit na ipinagpapatupad ang mga alituntunin sa paggamit ng bisikleta.

Pagsusuring medikal para sa mga batang papasok sa elementarya

Bago magsimulang pumasok sa paaralan ang mga bata, kailangang magpasuri ng kalusugan. Magsasagawa ng pisikal na pagsusuri sa mga batang papasok ng paaralan sa Abril 2017 ang bawat siyudad. Pinapadalhan ng physical examination notification sa kanilang bahay ang mga aplikante.

Ang mga magulang kasama ang mga anak ay kailangang pumunta sa kung saan isasagawa ang physical examination dala ang : **physical examination notification, general physical examination forms para sa pagpasok sa elementarya, at medical questionnaire** (punuan ang mga katanungan), lapis/pen at indoor shoes. Ang petsa ng pagsusuri ay iba-iba depende sa paaralang papasukan. Tandaan ang petsa at huwag kalimutang magpasuri. Ito ay isasagawa sa Oktubre.

**Malapit na ang deadline para sa specific medical check-up
Kumuha ng medical check-up para sa inyong pamilya**

Ang specific medical check-up ay isinasagawa para makaiwas sa sakit na ugnay sa lifestyle na sanhi ng brain infarction o heart infarction. Walang karaniwang sintomas ang ganitong mga sakit. Karaniwan sa mga taong malulusog ay ayaw sumailalim sa medical check-up dahil abala lamang, pero marami ding nagsasabi na maganda ito. Hanggang Nobyembre na lang ito. Ang bayad ay Y1000. Puwedeng magpareserba para sa medical check-up sa kalapit na ospital. Dalhin ang "medical check-up card" at "Specific medical check-up questionnaire" na ipinadala sa inyo. Ito ay isinasagawa taun-taon. Sana ay regular tayong magpa-medical check-up.

